Lahat ng mga serbisyo ng pamahalaan at komunidad ay dapat:

- ipadama sa iyo na malugod kang tinatanggap
- tratuhin ka nang may paggalang
- tratuhin ka nang parehas sa iba
- mayroong kamalayan sa iba't ibang mga kultura
- tulungan kang maunawaan ang iyong mga karapatan.

Pinapayagan kang magreklamo tungkol sa isang service provider.

## Ang Ombudsman ng NSW

Narito kami upang tulungan ang lahat sa NSW.
Nais namin na ang bawat isa ay tratuhin nang patas.
Libre ang aming serbisyo.

## Makipag-ugnayan sa amin

**Tumawagsa 02 9286 1000**

**Libreng tawag 1800 451 524**
sa labas ng lugar ng metropolitan Sydney
- maaaring may singil sa mobile.

**info@ombo.nsw.gov.au**

**National Relay Service 133 677**

**Interpreter**
Hakbang 1: **Tawagan ang TIS 131 450**
Hakbang 2: **Humiling na makipag-usap sa Ombudsman ng NSW - 9286 1000**

**www.ombo.nsw.gov.au**

ISBN: 978-1-925885-76-7

Tagalog | Filipino

Ombudsman
New South Wales



# May problema ka ba sa serbisyo ng Pamahalaang NSW o sa serbisyo ng komunidad?

# Maaaring sinubukan mong magreklamo. Ngunit hindi ito nakatulong.



## Sa palagay mo ba ay tinrato ka sa paraang hindi makatarungan?

**Sinubukan mong humingi ng tulong, ngunit hindi:**

- maayos ang problema
- makakakuha ng karagdagang impormasyon
- malaman ang iyong mga karapatan.

**Ang mga kawani ay hindi matulungin, o sila ay**

- bastos at hindi ka iginalang
- walang impormasyon sa iyong wika
- walang interpreter.

## Maaaring makatulong ang Ombudsman ng NSW.

**Maaari kaming makatulong sa iyo na:**

- magpadala ng sulat sa service provider
- hanapin ang tamang tao na kokontakin
- ipahayag ang kalalabasan na gusto mo mula sa iyong reklamo.

**Maaari naming:**

- hilingin sa iyo na magdala ng anumang mga dokumento na mayroon ka tungkol sa problema, tulad ng mga sulat mo sa service provider o mga liham sa iyo ng service provider
- kausapin ang service provider na pinoproblema mo
- kausapin ang ibang mga tao na tumulong sa iyo.

Ang ibang mga tao ay maaaring may parehong problema sa iyo. Nakikipagtulungan kami sa mga service provider upang mapabuti ang mga serbisyo para sa lahat.